# SI BAMBALITO,

# ANG BATANG BAYANI NG BANGKUSAY

## SYNOPSIS

Iilan lamang ang nakakaalam ng kuwento ng isang bata mula sa bayan ng Macabebe na may napakahalagang papel pala sa ating kasaysayan.

Walang nakakaalam ng kaniyang tunay na pangalan, hindi siya nababanggit sa mga silid-aralan, at bibihira rin siyang maisulat sa mga aklat ng kasaysayan. Ngunit ang pinakamasaklap sa lahat, ang kaniyang kadakilaan at kabayanihan ay madalas pang napagkakamalang gawa ng ibang tao na kaniyang kapangalan.

Ito ang kuwento ng isang batang datu mula sa Pampanga at kung paano niya ipinaglaban ang Tondo at Maynila.

## SI BAMBALITO,
## ANG BATANG BAYANI NG BANGKUSAY

Noong unang panahon, bago pa ang panahon ng Hapon, bago pa ang panahon ng mga Amerikano, at bago pa ang panahon ng mga Kastila, dalawang makapangyarihan at marangyang kaharian ang matatagpuan sa dalampasigan ng Look ng Maynila—ang mga kaharian ng Maynila at Tondo.

Matatagpuan ang mga ito sa magkabilang pampang ng Ilog Pasig, Maynila ang nasa pampang sa timog at Tondo naman ang nasa hilagang pampang. Ang mga taga-Tondo ay tinatawag na mga Kapampangan o tagapampang, samantalang ang mga taga-Maynila naman ay mga Tagalog o taga-ilog. Bagama't magkaiba ang kanilang mga wika, malalim at matibay ang pagkakaibigan ng dalawang kaharian.

Ang dalawang kahariang ito ay may tatlong pinuno—si Lakandula, ang lakan ng Tondo, samantalang si Rajah Matanda at ang kaniyang pamangking si Rajah Sulayman naman ang magkasamang namamahala sa Maynila.

Marangya at maunlad ang Maynila at Tondo sapagkat dito nagtutungo ang mga mangangalakal mula sa iba't ibang panig ng Asya tulad ng Tsina, Malacca, Java, Borneo at sa higit pang malalayong lugar. Dala-dala ang mga paninda nilang tela, seda, diyamante, porselana, at esmeralda, sila'y dadaong sa Maynila at Tondo upang makipagkalakal kapalit ng kapis, perlas, pilak, at higit sa lahat, ginto.

Bagama't ang Tondo at Maynila ay mistulang kuta dahil napapaligiran ang mga ito ng nagtataasang pader na gawa sa makakapal at malalapad na tabla at pinoprotektahan

ng mga lantaka o mga katutubong kanyon, sa pakikipagkalakal nakatuon ang pansin ng mga mamamayan nito at hindi sa pakikpagdigmaan.

Mula sa dalampasigan ng Maynila at Tondo, kapag ikaw ay maglayag patungong hilaga, iyong mararating ang isa pang makapangyarihang kaharian, ang Macabebe. Ito ang kahariang pinamumunuan ng isang hindi pangkaraniwang pinuno sapagkat siya ay isang…bata! Walang nakakaalam ng kaniyang tunay na edad, ngunit ang kadalasang hula, siya'y sampu hanggang labindalawang taong gulang. Tulad ng kaniyang edad, wala ring nakatitiyak kung ano ang kaniyang tunay na pangalan. May mga nagsasabing siya si Tarik Sulayman kaya't madalas mapagkamalang siya at si Rajah Sulayman ay iisa. Ang iba naman ay nagsasabing siya si Datu Bangbal na mas kilala sa kaniyang palayaw na Bambalito, ang batang datu ng Macabebe!

Isang umaga, habang si Bambalito ay nag-aalmusal ng inihaw na hito, mainit na kanin, kamatis at manggang hilaw, nagmamadali siyang nilapitan ng isang kawal upang ipagbigay-alam na may dumating na mga mensahero mula sa Tondo at Maynila. Agad silang pinapasok ni Bambalito, at nang makita niyang pagod na pagod at duguan ang mga panauhin, sila'y inanyayahan niyang kumain muna, “Mangan tana, magpapahain ako ng sinigang na ulang para mainitan ang inyong mga sikmura.”

Habang kumakain ay doon na tinanong ni Bambalito kung bakit naparito ang mga mensahero. Dito nila inilahad na sila'y nagtungo sa Macabebe upang humingi ng tulong dahil sinalakay at sinakop ng mga dayuhang Kastila ang Maynila, at si Lakandula nama'y nangangambang Tondo na ang susunod na sasalakayin.

Ikinuwento nila na nilusob ang Maynila ng mga Kastila sa pamumuno ni Miguel Lopez De Legazpi. Kahit na magiting na lumaban ang mga mandirigma ng Maynila, hindi sila nagtagumpay na ipagtanggol ang kanilang tahanan sapagkat mas moderno ang mga sandata ng mga Kastila. Dumating sila lulan ng mga dambuhalang barko na may malalakas na kanyon. Bukod pa dito'y may mga gamit silang riple kung kaya't hindi sila naaabot ng sibat at pana ng mga tagapagtanggol ng Maynila. Upang mapigilan ang pagbubuwis ng buhay, labag man sa kalooban nina Rajah Sulayman at Raja Matanda ay isinuko nila ang Maynila, habang si Lakandula naman ay nakipagkasundo na lamang sa mga Kastila alang-alang sa kapayapaan para sa Tondo.

Nabahala si Bambalito sa kaniyang nadinig, hindi siya makapapayag na ang dakilang kaharian ng Maynila ay napasakamay na ng mga dayuhan. Batid din niyang hindi doon hihinto ang mga mananakop at kanilang susunod na sasakupin ang Tondo at hindi magtatagal ay aabot ang mga ito dito mismo sa Macabebe!

Tumayo ang batang datu at nagsalita, "Malalim ang samahan nating mga Kapampangan at mga Tagalog kung kaya't ibibigay namin ang lahat ng tulong na aming maibibigay upang mabawi ang Maynila mula sa mga dayuhan!"

Pinatawag ni Bambalito ang mga umalohokan at inutusan, "Magtungo kayo sa mga karatig-bayan ng Hagonoy, Calumpit at Apalit, sabihin n'yong pinatatawag ko ang lahat ng kanilang magigiting na kawal. Ipapakita natin sa mga Kastila ang tunay na lakas ng pinagsanib na puwersa ng ating mga kaharian!"

Makalipas ang ilang araw, habang kumakain ng agahang pesang dalag at mainit na kanin si Bambalito, nagmamadaling pumasok ang isang kawal at nag-anunsyo, “Datu Bambalito, dumating na ang mga mandirigmang iyong pinatawag!”

Agad siyang tumayo at dumungaw sa bintana, nagulat siya sa kaniyang nakita, ang dagat ng Macabebe ay napuno ng mga dambuhala at makukulay na mga caracoa! Tunay na nakasisindak makita ang mga ito. Ang caracoa ay malalaking sasakyang pandagat na kahugis ng gasuklay na buwan at kayang magsakay ng hanggang isang daang mandirigma. Mayroon itong dalawang palapag at sa magkabilang gilid ay mayroon itong mahabang katig kung saan nakaupo ang mga tagasagwan. May disenyo itong mahihiwagang hayop tulad ng bakunawa na pinaniniwalaang nagbibigay ng lakas sa pakikipagdigma. Apatnapung caracoang may sakay na mahigit dalawang libong magigiting na mandirigma mula sa Hagonoy, Calumpit at Apalit ang tumugon sa panawagan ni Bambalito!

Sakay ng isa sa mga caradoa ang isang kaibigang matagal nang hindi nakikita ni Bambalito, si Panday Pira, ang tanyag na manlilikha ng lantaka mula sa Apalit.

“Dispung mayap!” masayang pagbati ni Panday Pira na agad namang nilapitan ni Bambalito upang magmano. Ngunit may halong lungkot ang kaniyang pagsalubong. “Apung Panday Pira, ikinalulungkot ko pong sabihin sa’yo na ang mga lantakang iyong ginawa upang protektahan ang Maynila ay napasakamay ng mga Kastila,” pahayag ni Bambalito.

Pero hindi nabahala si Panday Pira at pinasunod niya sa kaniya ang batang datu patungo sa mga caracoa kung saan kaniyang ipinakita ang mga bagong lantaka! “Mas malalaki, mas malalakas at mas malayo ang naaabot ng pagsabog ng mga ito,” buong

pagmamalaki ni Panday Pira. Sa tuwa, agad na sumakay si Bambalito sa kaniyang caracoa at inutos na sila'y maglakbay na patungong Tondo.

Isang umaga, sa tahanan ni Lakandula na matatagpuan sa pinakamataas na burol sa Tondo, nag-aalmusal ng sinigang na tulingan at sinangag ang lakan ng Tondo kasama sina Rajah Sulayman at Rajah Matanda. Nakatanaw sila sa dagat mula sa bintana habang pinag-uusapan kung ano ang kanilang magiging kalagayan ngayong sila'y nasasakupan na ng mga Kastila. Nag-aalala sila kung ano ang gagawin ng mga ito sa mga mamamayan. Ngunit ang kanilang pag-uusap ay nahinto nang kanilang mamataan ang pagdating ng napakaraming caracoa!

"Dumating na ang mga Macabebe at si Datu Bambalito!" sigaw ng mga mamayan habang nagtatakbuhan patungo sa dalampasigan upang salubungin ang mga mandirigma ng Macabebe.

"Sinasabi ko na nga ba't hindi tayo pababayaan ng aking mga cabalen!" masayang wika ni Lakandula habang patungo sa dalampasigan kasama ang mga Rajah ng Maynila.

"Maligayang pagdating, Datu Bambalito!" salubong ni Lakandula. Nagmano ang batang datu sa kaniyang tiyuhin at gayundin sa mga rajah. "Mayap a abak, Apung Lakandula. Magandang umaga po, Rajah Matanda at sa iyo rin, Rajah Sulayman! Kami'y nagparito para bawiin ang kahariang kay daling nasakop ng mga dayuhan." Masiglang nagtungo ang apat sa bahay ni Lakandula upang ipagpatuloy ang kanilang pag-uusap.

Ngunit ilang sandali lamang ay isang bangka ang dumaong sa pampang sakay ang isang mensaherong Kastila. Hinatid ng mga kawal ang mensahero patungo sa

tahanan ng lakan at dito'y kaniyang ipinahayag ang hatid niyang mensahe. Nais raw makipagkasundo ni Miguel Lopez De Legazpi sa lakan ng Tondo, mga Rajah ng Maynila, at Datu ng Macabebe. Nangangako raw siyang hanggang sa Maynila na lamang ang kaniyang pananakop basta't magpahayag sila ng katapatan sa Hari at Reyna ng España.

Nagbabala si Rajah Matanda nang marinig niya ito. "Huwag tayong maniniwala sa kanilang mga pangako sapagkat sila'y hindi mapagkakatiwalaan. Minsan na akong naging bihag ng mga dayuhang iyan. Noong aking kabataan, habang ako'y naglalayag patungong Brunei upang sunduin ang aking mapapangasawa, ako ay kanilang dinakip, ginawang bihag, at pinatubos sa aking ama kapalit ng ginto at pilak," kuwento ng matandang rajah.

Dahil dito'y nag-alab ang galit ni Bambalito at siya ay lumundag palabas ng bintana. Sa paglapag niya sa lupa, itinaas niya ang matalas at makinang niyang kampilan at iwinagayway ito habang sumisigaw, "Mas nanaisin ko pang hatiin ng araw sa dalawa ang aking katawan kaysa makita ng mga kababaihan at kabataan ng aking kaharian na ako'y nakikipagkaibigan sa mga dayuhang mananakop!"

"Sabihin n'yo sa inyong amo, magtuos kami sa Bangkusay!" babala ni Bambalito. Kasunod nito'y mabilis siyang tumakbo at sumakay sa caracoa at agad siyang sinundan ng kaniyang mga kawal.

Nagsimula silang maglayag sa Look ng Maynila. Ang kanilang pagsasagwan ay sinasabayan ng malakulog na dagundong ng mga tambol. Dala ang kanilang matatalas na kampilan, sibat, matitibay na kalasag, palaso at pana, at ang bagong-bagong mga lantakang gawa ni Panday Pira, ang magkasamang puwersa ng mga Kapampangan at

mga Tagalog ay matapang na sumugod sa pamumuno ni Datu Bambalito upang bawiin ang Maynila mula sa mga dayuhang Kastila.

Makalipas ang ilang sandali, narating nila ang Bangkusay na nasa hilagang hangganan ng Tondo. Dito'y dinatnan nilang naghihintay si Miguel Lopez De Legazpi kasama ang kaniyang puwersang binubuo ng dalawampu't pitong samu't saring sasakyang pandagat tulad ng mga bangka, balsa at barko. Lulan ng mga ito ang halos tatlong daang mga conquistador. Ngunit may surpresa ang mga dayuhan 'pagkat kasama rin nila ang mahigit anim na raang mga mandirigmang Pintados mula sa Kabisayaan. Pero hindi nagpasindak si Bambalito sa kaniyang nakita sapagkat tiwala siya sa mga mandirigmang kaniyang kasama.

Nang makita ni Bambalito ang mga kalaban, siya'y nagtaka sa pormasyon ng mga barko at bangka ng mga Kastila at Pintados dahil ang mga ito ay nakatali ng tig-dalawahan at nakapuwestong pabilog sa dagat. Ngayon lamang nakakita si Bambalito ng ganitong pormasyon kung kaya't hindi niya malaman kung paano ito susugurin. Mula sa malayo ay inikutan ni Bambalito at ng kaniyang mga caracoa ang mga bangka at barko ng mga conquistador ngunit saan mang panig sila pumunta ay may mga kanyong nakaharap sa kanila. "Tunay ngang mahusay sa pakikipagdigma ang mga dayuhan, patunay na marami na silang karanasan sa digmaan," bulong ni Bambalito sa sarili.

Pinagmasdan ni Bambalito ang mga kalaban at kaniyang natanaw si Legazpi na na nakatingin din sa kaniyang direksyon gamit ang teleskopyo. Itinuro ni Bambalito ang kinatatayuan ni Legazpi at iniutos niya na higit pang bilisan ang pagsasagwan. Itinutok nila ang mga lantaka at naghintay sila ng hudyat mula kay Bambalito upang ito'y paputukin. Tinatantsa ni Bambalito ang kanilang distansya, masyado pa silang malayo.

Ngunit habang sila’y papalapit pa lamang ay nagpaputok na agad ng kanyon ang mga kalaban!

Nagulat ang mga Kapampangan at mga Tagalog, hindi nila akalaing sila’y aabutin ng mga kanyon sa ganoon kalayong distansya! Sa unang pagputok ng mga kanyon ay tinamaan na ang mga caracoa at marami agad ang mga nasugatan at nasawi. Ngunit hindi nagpatinag si Datu Bambalito. Ipinag-utos niya na bilisan pa lalo ang pagsagwan upang makalapit na sila at makaganti ng paputok ng mga lantaka. Ngunit sabay-sabay na pagsabog ng mga kanyon ang muling sumalubong sa kanila! Marami uling napinsalang caracoa at nalagasan na naman muli ang mga Kapampangan at Tagalog.

Sa wakas, sila’y nakalapit at binigay na ni Bambalito ang hudyat na hinihintay ng lahat. Sabay-sabay nilang pinaputok ang mga lantaka bilang ganti at lahat ito’y tumama sa mga kalaban. Nagulantang ang mga Kastila sa lakas ng pagsabog. Marami ring napinsala at nasawi sa kanilang hanay. Hindi nila akalain na ganoon pala kalakas ang mga lantaka. Lalo pang nataranta ang mga Kastila nang kanilang makitang napakalapit na sa kanila ng mga caracoa.

Inutos ni Bambalito sa kaniyang mga mandirigma na bunutin na ang kanilang mga kampilan at maghanda na sa pagsampa sa mga barko ng mga Kastila. Iwinagayway ng lahat ang kanilang mga kampilan kasabay ng malakas na pagsigaw. Namutla sa takot ang mga Kastila, tiyak na sila’y matatalo kapag makalapit sa kanila ang mandirigma. Nadagdagan pa ang kanilang takot nang kanilang makita si Datu Bambalito na nakatayo sa ulo ng bakunawa sa unahan ng kaniyang caracoa, matapang na hinaharap ang pagsabog ng mga kanyon. Namangha silang lahat sa tapang ng batang pinuno!

Papalapit na nang papalapit ang mga caracoa at nakahanda na ang mga mandirigmang Kapampangan at Tagalog na lumundag sa pangunguna ni Bambalito. Ngunit may isa pa palang patibong ang mga Kastila! Sinalubong nila ang mga Kapampangan at Tagalog ng sabay-sabay na pagputok ng mga baril at riple! Marami ang tinamaan at nasawi, ngunit nakailag si Bambalito mula sa mga bala at nagawa niyang lumundag patungo sa barkong sinasakyan ni Miguel Lopez De Legazpi. Sinundan siya ng iba pang mga mandirigma at mano-mano silang nakipaglaban sa mga Kastila! Maraming Kastila ang nasawi dahil sa kampilan ni Bambalito at maging si Legazpi ay humanga sa tapang at husay ng batang datu. Ang paghanga ni Legazpi ay mabilis na napalitan ng takot nang makita niyang siya ay sinusugod na ni Bambalito! Lalong nataranta si Legazpi ‘pagkat wala nang bala ang kaniyang riple!

Ngunit mula sa malayo, isang kawal na Kastila ang bumaril kay Bambalito! Tinamaan ang batang datu at bumulagta sa kaniyang kinatatayuan. Natulala ang lahat at natahimik, hindi makapaniwala sa sinapit ng kanilang pinuno. Nilapitan nila ito at pinaligiran upang protektahan mula sa karagdagang panganib.

Habang duguang nakaratay si Datu Bambalito, gamit ang natitira niyang lakas, ibinigay niya ang kaniyang kampilan sa isa niyang kasamahan, at sa pagitan ng mabagal at mababaw na paghinga, ibinulong niya ang kaniyang huling habilin, “Kahit wala na ako, ipagpatuloy n’yo ang laban upang bawiin ang Maynila at mapalayas ang mga dayuhan. Atin ang lupang ito. Atin ang dagat na ito. Ipaglaban n’yo ang ating tahanan para sa mga susunod pang henerasyon.” Ito ang huling mga salita ni Datu Bambalito.

Nagbunyi ang mga Kastila nang makita nilang wala na ang magiting na pinuno ng mga Macabebe at lalo pa nilang sinunod-sunod ang pagpapaputok ng mga kanyon at

ripple. Wala nang nagawa ang mga Kapampangan at Tagalog kundi ang umatras at tumakas pabalik sa Macabebe.

Nasawi man si Bambalito sa labanang ito, tumatak sa isipan ng lahat nang nakasaksi ang kaniyang tapang at kadakilaan. Maging ang mga Kastila ay humanga sa kaniya at kinalauna'y makailang ulit nilang isusulat sa kanilang mga talata ang kagitingang ipinamalas ng tinagurian nilang "Hari ng Macabebe" at ang "Matapang na bata mula sa Macabebe".

Nasakop man ng mga Kastila ang Maynila at ang buong kapuluan na tinatawag nilang Filipinas, sa susunod na apat na raang taon, marami pang magigiting na bayani ang magpapatuloy ng laban at mag-aalay ng kanilang buhay para sa kalayaan ng tahanan ng ating lahi, tulad ng ginawa ni BAMBALITO, ANG BATANG BAYANI NG BANGKUSAY.

**Talasalitaan**

*Bakunawa* – dambuhalang ahas sa mitolohiya na lumalamon sa buwan.

*Caracoa* – sasakyang pandagat na kadalasang gamit sa pakikipagdigma.

*Kampilan* – mahabang tabak o espada na sandata ng mga sinaunang Pilipino.

*Lantaka* – bakal na kanyon na gawa ng mga sinaunang Pilipino,

*Pintados* – mga mandirigma mula sa Cebu, Bohol, at Leyte na nababalot ng tato ang balat.

*Umalohokan* – tagapagpahayag sa madla ng mga mahahalagang balita at impormasyon.